

1

“P’wede na raw po kayong pumasok, sabi ni Sir Andy. Iwan n’yo na lang po muna ang ID n’yo sa ’min at kunin na lang ulit kapag lalabas na kayo.”

Nginitian ni Cassy ang mga guwardya. “Salamat ho.”

Binuksan ng dalawang bantay sa loob ang malapad na gate. Ipinasok ng dalaga ang sasakyang minamaneho. Noon lang niya napagtuunan ng pansin ang magkabilang boundaries ng property. Nakabakod iyon nang mataas at sa gilid ng malawak na driveway ay nakalinya ang sari-saring tanim ng naggagandahang mga bulaklak at naglalakihang mga puno. At kahit nagsisimulang bumangon ang kaba sa kanyang dibdib habang tinatahak ang daan patungo sa napakapribadong beach house ng sikat na singer at composer na si Rui Montelibano ay naaliw siya sa mga bulaklak. Nakatulong iyon upang maibsan ang kanyang kaba.

She loved flowers. Bata pa lamang siya ay napakahilig na niya sa magagandang klase ng bulaklak. Kaya nga flower shop ang itinayo niyang negosyo dahil alam niyang mapapalago niya iyon

bukod pa sa malilibang siya.

Sa tantya niya ay halos pitong daang metro pa ang itinakbo ng kanyang sasakyan bago narating ang isa pang iron gate. Hindi tulad ng naunang gate, hindi iyon ganoon kataas dahil mula roon ay tanaw na niya ang dalawang palapag na bahay. Ang mga pader na nakapaligid sa boundaries ng beach house ay kasintaas din ng bakod katulad sa dinaanan niyang driveway kanina.

Limampung metro pa lang ang layo niya ay natanaw na kaagad niya ang dalawang guwardya na nakatayo sa gitna ng gate.

Some privacy, she thought. Naisip niyang may katotohanan nga ang sinabi ng sikat na talent manager cum showbiz-oriented talk show host na si Bernie tungkol sa precious privacy ng lalaking pakay niya.

Sabagay, Rui Montelibano was one of the most sought-after recording artists noong hindi pa ito nagku-quit sa showbiz.

Noong hindi pa nangyayari ang eskandalo rito.

Bumaba siya ng kotse. Hindi pa siya gaanong nakakalapit ay bumukas na ang pedestrian gate na nasa bandang kaliwa ng malaking gate. Iniluwa niyon

ang isang lalaki na sa tantya niya ay halos kasing- edad ni Rui—matanda ng anim taon sa edad niyang dalawampu't apat. Maputi ito, guwapo at sa tingin ni Cassy ay mukhang friendly dahil mayroon na kaagad itong nakahandang ngiti para sa kanya.

“I’m Andy,” pakilala nito sa sarili nang makapasok siya sa gate. “Ibinilin ka na sa akin ni Bernie. You are Cassy Acosta, right?”

Tumango siya kasabay ng isang kiming ngiti. Nasabi ni Bernie sa kanya na ang assistant ni Rui na si Andy ang bukod-tangi nitong kasama sa beach house na iyon. Kasa-kasama na ito ng mang-aawit noong nagsisimula pa lamang si Rui sa recording industry. Si Andy ay isang certified public accountant at ito na ang nag-aayos ng mga finances ng binata.

“Sinabi ni Bernie na darating ka ngayon kaya ine-expect na rin kita,” kaswal na kuwento ng kausap na para bang matagal na silang magkakilala. “Come inside,” yaya nito.

Nang mapagmasdan ni Cassy ang paligid, pakiramdam niya ay napunta siya sa ibang lugar. Naggagandahan din ang mga tanim na bulaklak. Bigla tuloy niyang naisip ang flower farm niya sa Tagaytay. Sa gitna ng daan patungo sa mismong bahay ay may malaking fountain. Sa garahe, sa gilid ng lanai

ng bahay ay nakalinya ang isang *Hummer*, isang *Mercedes-Benz*, isang *BMW* at isang *Ford Expedition*. Lahat ng mga iyon ay pawang itim.

“Hindi ko alam kung ano ang sinabi at ginawa mo kay Bernie para mapapayag siyang ituro ang kinaroroonan ni Rui,” kuwento ni Andy.

Isang nahihiyang ngiti lang ang isinagot niya. Sinabi lang niya ang totoo kay Bernie. At nagkataong ito ay isang mapagmahal na anak, tulad niya, kaya naawa ito sa kanya at tinulungan siyang makausap ang kaibigan at dating alaga.

“At hindi ko rin alam kung ano ang ginawa n’yo sa ’kin ni Bernie kung bakit napapayag n’yo naman akong papasukin ka rito,” biro nito, sabay tawa nang mahina.

“Pasensya ka na kung pati ikaw ay nadamay. It’s just that—“

“Dahil lahat tayo ay mapagmahal sa ating mga magulang—lalo na sa ating mga ina,” pagsu-supply nito ng gusto niyang sabihin.

Sinuklian niya ito ng isang matamis at sinserong ngiti. “Thank you. Tatanawin ko itong malaking utang-na-loob sa inyo ni Bernie,” madamdamin niyang sabi.

“Don’t thank me yet. Hindi pa kasi natin alam kung ano ang magiging reaksyon ni Rui. Siguradong magagalit siya,” anito at iginiya siya papasok sa loob ng bahay.

Bumungad kay Cassy ang isang marangya at maluwang na living room. Sa bandang kanan niya ay naagaw kaagad ang pansin niya ng isang grand piano. Hindi kalayuan dito ay ilang plaques at awards na nakuha ni Rui na kung hindi lang nakakahiya ay gusto na niyang lapitan upang tingnan kung saan-saan iyon nagmula.

“I can’t believe you’re doing this to me, Bernie! Of all people!”

Pareho silang natigilan ni Andy nang marinig ang isang malakas na tinig papasok sa loob ng bahay. Halos sabay silang napatingin sa pinanggalingan ng galit na tinig. Tila napako siya sa kinatatayuan nang makita ang may-ari niyon.

There he was. In flesh and blood... si Rui Montelibano.

Iyon ang unang pagkakataong nakita niya sa personal ang sikat na mang-aawit.

He was sporting a shoulder-length hair na kakaiba sa Rui na madalas niyang makita sa mga litratong koleksyon ng kanyang ina. Nakasuot ito ng plain white t-shirt na humahapit sa malapad nitong katawan, khaki cargo short pants na medyo lampas nang kaunti sa tuhod nito and rubber flip flops. Hindi maikakailang galing ito sa tabing-dagat dahil mayroon pang bakas ng buhangin sa mga paa nito. He was ruggedly handsome.

Cassy had a penchant for tall, dark, handsome and neat guys. Iyong mga tipong laging naka-suit at tila laging a-attend ng awards night. Pero bakit parang nagustuhan niya ang rugged at simpleng ayos ng binata?

Maging ito ay nagulat sa presence nilang dalawa ni Andy. Pero saglit lamang iyon na tila naging isang imahinasyon lang niya ang nakitang pagkagulat sa mukha nito. Hindi katulad niya na hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi maka-move on sa eksenang iyon.

Hindi niya maalalang nagpahaba nang ganito kahabang buhok si Rui noong nasa showbiz pa ito. At lagi itong mayroong nakahandang ngiti sa mga kaharap at kausap. Hindi katulad ngayon na matiim ang tingin sa kanya. Hindi nakaligtas sa kanya ang

isang matiim ding tingin na ibinigay nito kay Andy. Napalunok siya. Aminado siyang parang gusto na niyang tumakbo palabas dahil sa tingin na iyon.

“I now have a visitor. Thanks to you, Bernie,” sarkastikong sabi nito sa kausap sa kabilang linya habang hindi inaalis ang titig sa kanya. Tinapos nito ang pakikipag-usap kay Bernie at ibinulsa ang cellphone nang hindi inaalis ang tingin sa kanya.

Hiling ni Cassy na sana ay mas ginandahan pa niya ang suot at ayos niya at hindi isang simpleng maong pants, polo shirt at flip flops lang ang kanyang get-up. May pagsisisi rin siyang naramdaman na itinali pa niya sa ponytail ang buhok at hindi na lamang inilugay. Marami kasing nagsasabing mas lalong lumulutang ang ganda niya kapag nakalugay ang kanyang itim, makintab at lampas-balikat na buhok.

Gusto niyang matawa sa sarili. Inaatake na nga siya ng kaduwagan sa paghaharap nila ni Rui ay kung anu-anong pagpapaganda pa ang naiisip niya.

“And you are...?”

Napapitlag siya. Para siyang si Sleeping Beauty na nagising sa isang mahabang pagkakatulog dahil sa halik ng isang Prince Charming.

“Cassy. Cassandra Acosta,” pakilala niya sa kanyang sarili kasabay ang isang nahihiyang ngiti. Hindi niya nagawang ilahad ang kamay upang gawing pormal ang kanilang pagkakakilala dahil sa tingin na iginagawad nito sa kanya. Para kasing gusto siya nitong itapon sa labas sa klase ng tingin nito.

“The visitor Bernie’s talking about,” walang emosyong sabi nito.

“Yeah—”

Hindi na nito hinintay ang iba pa niyang sasabihin. “Kung anuman ang gusto mong sabihin ay wala akong intensyong pakinggan ’yon. I just don’t have the time. Hindi ko alam kung paano mong nakumbinsi si Bernie na ipagkanulo ang kinaroroonan ko.” Saglit din itong tumingin kay Andy na tila sinasabing isa rin ito sa nagkanulo rito. “Pero tulad ng s’abi ko, wala akong intensyong pakinggan ang mga sasabihin mo.”

Maang na napatingin siya kay Rui sa pagiging prangka nito. Hindi tuloy niya mahagilap ang mga salitang dapat niyang sabihin. Alam niyang kapag umalis na ito sa harapan niya ay mawawalan na ng saysay ang lahat ng hiras at pagod niya makausap lamang ito nang personal.

“Andy, pakisamahan na si Miss Acosta palabas,”

may pagkainip ang boses na utos nito.

Dahil doon ay kaagad nakabawi mula sa pagkabigla ang dalaga. Mabilis niyang nahawakan ito sa kamay upang pigilan ang akmang pag-alis nito. “Please hear me out first.” May pagmamakaawa sa tinig niya.

Tumaas ang isang kilay nito. Kung hindi lang niya alam na galit ito sa pagkaka-invade niya ng privacy nito ay sasabihin niyang amusement at paghanga ang kanyang nakikita sa mga mata nito ngayon.

Lumipat ang tingin nito sa kamay niyang nakahawak sa kamay nito, pagkuwan ay ibinalik nito ang tingin sa kanya.

She took it as a cue. Dahan-dahan niyang binitiwang ang kamay nito.

“Sorry,” mahinang sabi niya habang nahihiyang tumingin sa mga mata nito.

Ngayon ay siyento por siyentong amusement nga ang nakikita niya sa mga mata ng binata. Hindi na nito iyon nagawang itago pa dahil nakita niya ang pagkibot ng mga labi nito na tila gustong mapangiti ngunit pinipiglan lang.

Nagbigay naman iyon ng lakas ng loob sa kanya

para magsalita. “Please hear me out first. I traveled all the way from Manila just so I can talk to you.”

Nawala ang amusement sa mga mata nito. “I didn’t ask you to do that, did I?”

“I know.” Huminga siya nang malalim at tumingin nang derecho sa mga mata nito. “Pakinggan mo lang ang gusto kong sabihin bago mo ako itaboy palabas, Rui,” ulit niya sa nagmamakaawang tinig. “T-total ay narito na lang din naman ako.”

Gusto niyang palakpakan ang sarili dahil sa pagkakaroon ng sapat na lakas ng loob upang sabihin iyon. Lalo na ang pagtawag sa binata sa first name nito na para bang matagal na silang magkakilala.

Hindi nga niya maintindihan ang sarili dahil hindi naman siya nauutal at kinakabahan kapag kausap ang ibang mga lalaki o ibang tao for that matter. She had so much self-confidence. Siguro ay dahil alam niyang maganda siya, mayaman at may pinag-aralan.

Pero bakit ngayon sa presence ni Rui ay biglang nawala ang confidence na iyon na para bang isang gamit na bigla niyang naiwan sa kanilang bahay nang umalis siya kanina?

Hindi sumagot ang mang-aawit. Nakatingin

lamang ito sa kanya na para bang siya ay isang bagay na itinitinda at pinag-iisipan nito kung bibilhin o hindi.

“Please,” nagsusumamong sabi niya. Pinagsalikop pa niya ang dalawang kamay na para bang nagdadasal. “Nakahanda akong lumuhod sa harap mo, pagbigyan mo lang ako.” At sigurado siyang hindi siya magdadalawang-isip na gawin iyon kung alam niyang makapagpapasaya naman iyon sa kanyang ina.

“Please don’t do that,” mabilis nitong salungat.

“Then hear me out, please.”

Tumingala ito at napahawak sa batok. Napasuklay ito sa buhok kasabay ang pagbuga ng hangin. “I’ll give you ten minutes of my precious time, lady. Just ten minutes,” seryosong tugon nito mayamaya na tila ang gusto niyang sabihin ay makakapag-aksaya ng oras nito.

2

Nabuhayan ng loob si Cassy. At dahil na rin sa sobrang katuwaang nararamdaman ay niyakap niya ang binata.

“Thank you very much,” sinsero at naluluha niyang sabi. Hindi niya alintana na ang isa niyang pisngi ay nakadantay sa dibdib nito. Naging aware lang siya sa ayos niya nang marinig ang pagtibok ng puso ni Rui. O sariling tibok ng puso ang talagang naririnig niya dahil sa lakas ng pagtambol niyon nang lumapat ang pisngi niya sa malapad nitong dibdib?

Tumikhim ito at iyon ang naging hudyat upang kusa siyang lumayo rito. Naramdaman niya ang pag-alis nito ng kamay sa kanyang likod. Niyakap din ba siya ng binata habang nakayakap siya rito? Parang may parte sa kanyang puso ang bumulong na sana ay ‘oo’.

“Sorry, I got excited,” nahihiyang hingi niya ng paumanhin.

“Too excited, I guess.” Ang amusement nito sa kanya ay hindi na nito nagawang itago dahil nakita niya ang tipid nitong pagngiti.

Idinaan na lamang niya sa mahinang pagtawa ang sinabi nito. May isang bahagi niya na nasisiyahan na kahit paano ay nagawa na niya itong pangitiin kumpara sa naging reaksiyon nito nang una siyang makita sa loob ng pamamahay nito.

Humalukipkip si Rui. “Well? Nauubos ang ten minutes mo.” He was back to being serious again.

Tumikhim si Cassy. “Baka nasabi na ni Bernie—“

“Walang anumang nabanggit si Bernie sa ’kin maliban sa meron daw akong darating na bisita,” putol nito.

Nag-uunahan ang mga salitang gusto niyang sabihin, pero walang katagang lumabas sa kanyang bibig.

“Why don’t you take a seat? Kanina ka pa nakatayo.”

Umusal siya ng mahinang pasasalamat at umupo sa sofa. Ang buong akala niya ay uupo rin si Rui sa katapat na upuan, ngunit patagilid lang itong sumandal sa pader habang nakahalukipkip. Nakaharap ito sa kanya at matamang nakatingin. Mas magiging mainam para sa kanya kung uupo na lamang din ito at hindi nasa ganoong posisyon na parang naka-pose at may iminodelong isang

bagay.

Napapikit siya nang mariin. Bakit ba aware na aware siya sa mga kilos ng binata simula pa kanina? For God's sake! Mommy lang niya ang umiidolo sa lalaking ito at hindi siya.

Napasuklay siya sa kanyang buhok. Mannerism niya iyon kapag nate-tense siya. Bakit kanina habang nasa daan siya at pini-picture ang magiging paghaharap nila ni Rui ay ang dali-dali lang? Bakit ngayong kaharap na niya ang super guwapo pala sa personal na binata ay hindi niya maapuhap ang gustong sabihin?

“Dalawang minuto na ang nawawala sa sampung minuto mo, Cassandra.”

Tila may mainit na palad na humaplos sa kanyang puso sa pagkakabanggit nito ng kanyang pangalan. Her name sounded good from his lips.

“And when I said that I'm only giving you ten minutes to say what you want to say, I meant it,” seryoso nitong sabi habang hindi itinatago ang pagkainip.

Gusto niyang mainis sa pagiging arogante ni Rui, pero kaagad niyang pinigilan ang sarili upang huwag iyong rumehistro sa kanyang mukha.

Tumikhim siya. “M-my mom has stage two breast cancer,” simula niya. Alam niyang hindi niya naitago ang lambong sa kanyang mga mata nang mabanggit ang inang may sakit.

“I’m sorry,” sinserong saad nito. “That must be hard for you.”

Pinilit niyang ngumiti. “We’re coping. Especially Mom.”

“How is she?”

Tumingin siya sa kausap. Na-touch siya sa pangungumusta nito sa kanyang ina na para bang matagal na nitong kakilala ang huli.

“She’s...” Bumuntong-hininga siya at pinilit na ngumiti. “...fine.” Hangga’t maaari ay ayaw na niyang mag-elaborate pa sa kondisyon ni Elvira Acosta. “She’s coping. We all are.”

Hindi na ito muling nagtanong pa. Waring iginalang ang desisyon niyang huwag na lamang magkuwento tungkol sa sakit ng ina.

“You know, she’s a huge fan of yours,” pag-iiba niya sa usapan. “Lahat ng albums na inilabas mo, meron siya. Halos lahat ng concerts mo ay napanood niya. At pati movies na ginawa mo, pinanood din

niya. Gan'un siya ka-hooked sa 'yo."

Sinsерong napangiti si Rui.

"And when you retreated from the public eye, isa siya sa sobrang nalungkot. Lalo pa't for almost two years ay walang naging solidong balita tungkol sa 'yo at kung saan ka na talaga namamalagi. Ang buong akala ng lahat ay nasa States ka. Kahit na wala ka na sa limelight ay bukambibig ka pa rin ng mommy ko. Especially when she read in a showbiz news article some three months ago that you were spotted surfing in a private beach in La Union. Hindi ko alam kung bakit nagawang malaman iyon ng mga paparazzi since it was a private resort."

Hindi ito nagsalita. He did not confirm nor deny it. Kahit naman hindi nito kumpirmahin ang balita ay may hinala siyang totoo ang balitang namataan ito sa La Union.

"Tungkol sa mommy ko ang ipinunta ko rito." Napasuklay siya sa kanyang buhok. Hindi na talaga siya nilulubayan ng tensyon. "Dalawang linggo na lang kasi at sixtieth birthday na niya," patuloy niya nang hindi ito kumibo. "I am planning a surprise birthday party for her. I want it to be very special..." Tumikhim siya at napalunok. Gusto niyang piliing mabuti ang mga salitang lalabas sa kanyang bibig.

“And I want you to be her special guest. Hihilingin ko sanang kantahan mo siya—“

“No,” mabilis na putol ng lalaki. Nakita niya ang mabilis na pag-iling-iling nito.

Napatayo siya. “Babayaran kita—“

Inilang hakbang ni Rui ang pagitan nilang dalawa at mabilis itong nakalapit sa kanya. “Modesty aside, Miss Acosta, kahit hindi na ako magtrabaho pa, I can live comfortably for the rest of my life,” mariin at sarkastiko nitong pahayag.

Pakiramdam ni Cassy ay nasu-suffocate siya sa sobrang lapit nito sa kanya. Amoy niya ang pabango nito. “I’m sorry kung na-offend ka. Gusto ko lang naman siyang mapasaya nang sobra sa darating na birthday niya.”

Lumambot ang mukha nito. “I’m sorry, but I can’t. I’m enjoying my privacy right now at hindi ko ito kayang isakripisyo sa pagkanta o kahit pagpunta man lang sa birthdy party ng mommy mo. Tahimik na ang buhay ko ngayon.”

“Please?” pagsusumamo niya.

“No,” pinal nitong sabi. “Tapos na ang sampung minuto mo, Miss Acosta.”

“What do you want me to do para lang pumayag ka?” May pagmamakaawa sa kanyang tinig. “Do I have to kneel and beg?”

“No,” mariin nitong sagot. Na para bang isang malaking kasalanan ang gagawin niya. “You don’t have to do that. Dahil kahit ano pa ang sabihin mo at gawin mo, hindi ako papayag sa gusto mong mangyari.”

“Kahit hindi ka na kumanta. Just be her guest. Kahit sandali—“

“Don’t you think you’re being unfair?” naiiritang putol nito. “Pinipilit mo akong gawin ang isang bagay na ayaw ko. I’ve been out of the limelight for almost two years. And it won’t be easy for me to just appear before a crowd.”

“Pero ginawa mo na dati ang ganito sa isang may sakit mong fan, di ba?” pamimilit niya. Para siyang isang batang nagpapabili ng isang laruang gustung-gusto niya.

“Noon ’yon,” mariin nitong turan. “Noong hindi ko pa nararanasan ang isang napakalaking kahihiyan,” sarkastikong dagdag nito na hindi naikaila sa mukha ang sakit rumehistro roon.

Pakiramdam ni Cassy ay para siyang tumakbo

nang ilang kilometro. Pagod na naupo siya sa sofa habang nakayuko na parang sa isang atletang talunan sa isang laban. She felt very disappointed. She felt rejected.

Bago pa man niya makaharap ang binata ay sinabi na niya sa kanyang sarili na tatanggapin niya nang maluwag sa kanyang dibdib kung sakali mang hindi ito pumayag sa nais niya. Binalaan na rin siya ni Bernie tungkol doon. Ang mahalaga ay ginawa niya ang lahat para mabigyan ng magandang regalo ang kanyang ina. Akala niya ay handa na siya sa disappointment. Ngunit hindi pala. May parte sa puso niya ang naghuhumiyaw ng rejection.

Bakit? Dahil ba akala niya ay makukuha niya sa kanyang charm si Rui at mapapayag niya ito? And she didn't? Napapikit siya sa naisip at pinagalitan ang sarili. *Of course not!* hiyaw ng kanyang isip. She just felt disappointed for her mom. But she knew that Rui had every right to turn her down.

Ang lalaki naman ay matamang nakatingin sa kanya bago napasuklay sa buhok at napahawak sa batok. Tila lito ito at hindi malaman ang gagawin o gustong sabihin.

“Andy,” mayamaya ay tawag nito sa assistant na nasa labas lang.

Kaagad namang pumasok si Andy nang marinig ang tawag nito.

“Tapos na kaming mag-usap ni Miss Acosta. Please escort her on her way out.”

Malungkot ang mukhang napatingin siya kay Rui. Bumuntong-hininga siya at pilit na ngumiti, showing her dimples. “Thank you very much for your time, Mr. Montelibano. It was nice meeting you,” sabi niya sabay lahad ng kanyang kanang kamay.

Kinuha nito iyon at kinamayan siya. Saglit lamang ang pagdaraop ng kanilang mga palad, pero napabilis niyon ang pintig ng kanyang puso.

“Thank you again for your time.” Tumalikod na siya at sumabay sa mga hakbang ni Andy na tila disappointed din.

“Cassandra.”

Nahinto siya sa paglabas sa pinto nang marinig ang pagtawag sa kanya ni Rui. May gentleness siyang nahimigan sa tono nito.

Nilingon niya ito. May kaunting pag-asang bumangon sa kanyang puso nang magtama ang kanilang mga paningin.

“I’m sorry. I hope you understand.”

“I understand.” Pilit niyang itinago ang disappointment.

“I’m sure kahit ano naman ang iregalo mo sa mommy mo sa birthday niya, matutuwa siya dahil galing sa ’yo.” Sinabayan nito ng isang sinserong ngiti ang sinabi.

Isang sinsero at magandang ngiting lalong nagpaguwapo rito at nagpalubag ng loob niya. Guwapo ito maski nakasimangot, pero mas lalong guwapo kapag nakangiti.

“I know. Thanks, anyway.”

Kumunot ang noo ni Cassy habang nakatingin sa kanyang cellphone na patuloy pa ring tumutunog. Hindi niya kilala ang numero at walang pangalang nakarehistro. Patamad niya itong sinagot. “Hello?”

“Finally,” sabi sa kabilang linya. “When is your mother’s birthday?”

Humigpit ang hawak niya sa kanyang cellphone. She wouldn’t ever forget that voice. Mahirap makalimutan ang isang magandang tinig.

Baritono at magandang pakinggan sa tainga. Maski nga medyo irritable ang tono nito sa kabilang

lina ay maganda pa ring pakinggan.

It had been a week since she last saw him. And since then, hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit hindi mawala-wala sa kanyang isipan ang guwapo nitong mukha. Maging ang baritono nitong boses na masarap pakinggan kahit na pasuplado pa ang tono. Para iyong magandang eksena sa isang pelikula na gustung-gustong inire-replay ng isang panatikong manonood.

“Rui?” May katiyakan sa kanyang tono kahit na patanong iyon.

May ilang segundong natahimik ang kabilang linya. Pero hindi iyon naging dahilan upang magduda siyang si Rui nga ang kanyang kausap. “It’s nice to know that you still remember my voice.”

Napangiti siya. May pakiramdam siyang maski ang lalaki ay nakangiti nang sabihin iyon. She blushed. Mabuti na lamang at hindi niya ito kaharap, kung hindi ay baka pagtawanan pa siya nito.

“You have a very unique voice, Mr. Montelibano, kaya hindi gan’on kadaling malimutan. Kaya ka nga naging multi-platinum recording artist, di ba?” depensa niya sa sarili. “And it’s also nice to know that you also remember my voice. Kaagad mong tinanong

kung kelan ang birthday ng mommy ko gayong hindi mo pa tinatanong kung sino ang nasa kabilang linya. Maaaring masagot ng iba ang cellphone ko.”

Narinig niya ang mahinang pagtawa nito. And she liked it. Tumikhim siya.

“Napatawag ka?” She wanted to sound as casual as possible kahit na bumilis ang pintig ng puso niya at nanginginig nang kaunti ang kanyang mga kamay. “Does this mean pumapayag ka na sa pabor na hinihingi ko?” biro niya, ngunit may pag-asang bumabangon sa kanyang puso.

“You did not answer my question,” iwas nito sa tanong niya. “When exactly is your mom’s birthday?”

“Barely two weeks from now. On the twenty-fourth of this month,” sagot niya. “Ibig bang sabihin nito ay pumapayag ka na sa pabor na hinihingi ko?” lakas-loob niyang ulit habang lihim na nananalangin na ‘oo’ sana ang isagot nito. Pigil niya halos ang hininga habang hihinihintay ang sagot nito.

Ilang segundo muna ang lumipas bago ito nagsalita. “Only when you agree to *my terms and conditions*, Miss Acosta,” seryosong sagot nito.

Habang hinihintay ni Cassy si Rui sa sala ay nag-uumpisa na siyang kabahan sa anticipation. Hindi kasi maalis sa isipan niya ang sinabi nitong 'terms and conditions' bago ito pumayag sa gusto niya.

Halos hindi siya nakatulog sa kaiisip doon. Idagdag pa niya ang kilig na nararamdaman sa tuwing naaalala ang baritono nitong boses. Sabagay, kahit naman noong una niyang makaharap ang binata ay may kilig na siyang naramdaman.

She was so elated nang malamang kinokonsidera nito ang pabor na hinihingi niya. Pagdating niya sa kanilang bahay ay masaya niyang binati ang bawat tao sa kanilang bahay. Nang masalubong ang ina sa sala ay niyakap niya ito at pinaghahalikan sa labis na pagtataka nito.

She was just so happy for her mom. She promised herself that she would do everything just to make her happy, lalo pa at may mabigat itong karamdaman. She owed her everything. Pinalaki siya nito simula nang mabalo ito sa edad na limampu't apat. Her father died a few days after her eighteenth birthday due to massive heart attack. Sobrang mahal siya ng ina and it was about time to return the favor.

Parang bigla siyang naalimpungatan mula sa pagkakatulog nang marinig ang isang pagtikhim.

Nag-init ang mga pisngi niya nang makitang naroroon na pala sa kanyang harapan sina Andy at Rui. Hindi niya namalayan ang pagpasok ng dalawa dahil sa lalim ng kanyang iniisip.

Tumayo siya at tipid na ngumiti. “Hello.”

“You’re early,” sabi ng mang-aawit na hindi man lang ginantihan ang pagbati niya.

“Sabi mo ayaw mo ng taong nali-late sa appointment, di ba?”

Kahit ayaw niyang isipin ay aware na aware siya sa matikas nitong tindig kahit na simpleng white t-shirt, board shorts at rubber flip flops lang ang suot nito. Ang hanggang balikat nitong buhok ay parang ang bangu-bangong tingnan. Tingin niya ay puwedeng-puwede na itong isalang kahit ngayon sa isang shooting ng isang shampoo commercial.

“Shall we get down to business?” Muli ay ang tinig nito na nagpagising sa kanyang tila pagdi-daydream.

3

Nakita na lang ni Cassy na inilalapag na ni Andy ang juice at cake sa center table sa kanyang harapan. Pati na rin ang pagbibigay nito ng isang folder kay Rui. Matipid siyang nginitian nito bago umalis.

“Okay,” mahinang sagot niya.

“Have a seat, please. Nag-breakfast ka na ba?”

“Y-yeah.” May naulinigan kasi siyang concern sa tinig nito na nagpabilis ng tibok ng kanyang puso. Umupo siya pero ang binata ay nanatiling nakatayo.

“How many guests are there in your list?” tanong nito.

“So far, I have a hundred and twenty-five guests,” sagot niya.

Nagsalubong ang mga kilay nito. “One hundred twenty-five?” di-makapaniwalang ulit nito na para bang pang-*Guinness Book of World Records* ang sinabi niya. “Masyadong marami. Make it forty,” walang kangiti-ngiting saad nito.

“Forty?” nanlalaki ang mga matang bulalas ng dalaga. Parang siya naman ngayon ang nakarinig

ng pang-*Guinness Book of World Records* na sagot. Napailing siya. “I can’t do that. Sa mga relatives pa lang—“

“Siguro hindi na natin kailangan pang ipagpatuloy ang pag-uusap na ’to kung ang unang kondisyon pa lang ay hindi mo na kayang gawin,” naiiritang pahayag nito.

“Pero, Rui, mahirap nang bawasan ang mga taong gusto kong imbitahin. Hindi ko alam kung pa’no ko ’yon gagawin.”

Humalukipkip ito. “It’s your problem, not mine.”

“Pero, Rui—“

“Fifty people, max,” putol nito. “Take it or leave it,” pagbibigay nito ng ultimatum.

Napayuko siya at napahilot sa sentido. Kasasabi-sabi lang niya kanina sa sarili na gagawin niya ang lahat mabigyan lang ng isang memorable birthday party ang ina. At kung paano babawasan ang invitees sa kanyang guest list ay dapat niyang gawan ng paraan kung isa iyon sa magiging daan upang mangyari ang nais niya para sa magulang.

“You’re giving me a headache, ngayon pa lang,” naililing niyang turan.

“Naiintindihan mo rin bang napakahirap ng gusto mong ipagawa sa ’kin? I’ve been out of the limelight for almost two years. Hindi madaling humarap sa maraming tao pagkatapos ng dalawang taong pagtatago lalo pa’t may malaking kahihiyang akong dinanas kaya ko ginawa ’yon.”

She felt guilty. Alam niyang mahirap para sa binata ang banggitin ang nakaraan sa kanya lalo pa’t hindi naman sila malapit sa isa’t isa.

Napasuklay ito sa buhok. “I was wrong. I shouldn’t have called for this meeting in the first place. Dapat pinanindigan ko na simula pa lang ang pag-ayaw ko at ’wag nang ikonsidera ang pabor na hinihingi mo.”

“Okay, maximum of fifty guests,” sumusukong sabi niya. “Okay na?”

“I’m not through with *my terms and conditions* yet.”

“What? Ang dami mo namang demands,” nagmamaktol na tugon niya. Ganoon ba talaga ang mga most sought-after hunky matinee idols na tulad nito?

Tiningnan lang siya ni Rui na parang nagsasabing ‘itutuloy pa ba natin ’to o hindi?’

Umikot ang kanyang eyeballs. “Go on.”

“Sisiguraduhin mo na kapag nagpakita ako sa birthday party ng mommy mo, walang lalabas na kahit anong video o litrato ko mula roon.”

“So, parang ang gusto mong mangyari ay i-confiscate ko sa pinto pa lang ang lahat ng cameras at cellphones ng mga bisita ng Mommy, gan'on ba?” sarkastiko niyang turan.

“I don't know how you would do that,” pasuplado nitong sagot. “Pero gan'on ang gusto kong mangyari. No taking of pictures and videos.”

“Kahit isang picture-taking with the birthday celebrant? Siguro naman p'wede mo siyang pagbigyan kahit isa kasama ka,” naiirita niyang saad. “Para may remembrance siya.”

“I can allow that.”

Inismiran niya ito.

“You look at me, Cassy,” utos nito. Nagulat man ay kaagad siyang napatingin sa binata. “I am serious about this. Kaya siguraduhin mong *walang* litrato o video ko ang lalabas pagkatapos ng birthday party ng mommy mo dahil kung meron man, pagbabayaran mo.” Hindi man lang humiwalay ang titig nito sa

kanyang mga mata habang sinasabi iyon.

Parang may malaking kamao ang sumuntok sa dibdib niya. Sigurado kasi siyang hindi lang ito basta nananakot. Napakislot siya sa kinauupuan.

“Anong kabayaran?” lakas-loob niyang tanong. Awtomatiko ay napahawak siya sa kanyang dibdib.

Tiningnan siya ni Rui mula ulo hanggang paa. Parang isang binebentang gamit na inuuri munang mabuti kung mayroong depekto bago bilhin. Nagtapos ang tingin nito sa kanyang mga mata. Ilang segundo ring nag-lock ang kanilang mga paningin, mayamaya ay ngumiti ito. Waring nasiyahan na walang nakitang depekto sa gamit na gustong bilhin. Pero ang ngiting iyon ay hindi man lang umabot sa mga mata nito.

“Maglilingkod ka sa ’kin bilang maid sa loob ng dalawang buwan,” walang gatol nitong sagot.

“Excuse me? ‘Maglilingkod’ ba ang sabi mo?”

“Yes,” mabilis at sigurado nitong tugon na para bang handang-handa ito sa mga magiging reaksyon niya. “You’ll be my maid and you will stay with me here...” Kumumpas pa ang kamay nito na itinuturo ang kinalulugaran nila. “...for two months.”

Umarko ang kilay ni Cassy. “Ano ka, hilo?”

mataray niyang sabi.

Hindi nito napigilan ang mapangiti. Pero saglit lang, bigla rin itong nagseryoso kaagad. “Kung hindi ka papayag na maglingkod sa ’kin sa loob ng dalawang buwan, magiging akin ang flower shop mo. Mamili ka na lang sa dalawa.”

“That’s ridiculous!” sigaw niya. Magkasalubong ang mga kilay niya na para siyang isang torong handang sugurin ang matador. “Are you out of your mind?”

“I’m afraid not.”

“My flower shop?” nanlalaki ang mga matang sabi niya na para bang kahindik-hindik na balita ang sinabi nito. Wala naman itong reaksiyon o sinabi man lang. “Believe me, Rui, hindi lalabas ang picture o video mo pagkatapos ng party ng Mommy, kaya hindi na kailangang umabot pa ang kondisyon mo sa ganito,” mahinahon niyang dugtong kahit nanggagalaiti na.

“Gusto ko lang makasigurado, Cassy. I don’t like to take chances.”

Binigyan niya ito ng isang confident na ngiti. “Trust me, Rui, *walang* lalabas na litrato o video mo mula sa party ng mommy ko. I can assure you of that.”

“The last time I trusted someone, I got jilted at the altar,” tiim-bagang na pahayag nito. Bahagya pang naningkit ang mga mata na nagpapahiwatig na hindi nito nagustuhan ang pagbalik ng isang alaala.

Bigla naman siyang naawa rito dahil alam niya ang pakiramdam ng isang taong nagtiwala at nagmahal ngunit naloko. She had been there and done that. At kahit na pilit itago ni Rui ang sakit na nararamdaman ay rumehistro pa rin iyon sa mga mata nito.

Gusto niyang lapitan at yakapin ang binata. Baka sakaling kapag ginawa niya iyon ay mawala kahit na saglit lang ang sakit na nakita niyang rumehistro sa mga mata nito. Pero pinigilan niya ang sarili. Wala siyang karapatang gawin iyon. Sigurado siyang hindi nito maa-appreciate iyon.

“Sinisigurado ko sa ’yo na masusunod lahat ng kondisyon mo.”

Umiling ito. “I don’t trust you,” tahasan nitong sabi.

Hindi maintindihan ni Cassy kung bakit tila may humiwa sa kanyang puso nang marinig iyon.

“Sa akin ka lang ba walang tiwala o sa lahat ng tao?” galit niyang tanong. Idinaan na lamang niya sa

galit ang reaksiyon upang mapagtakpan ang pinong kurot na nararamdaman sa kanyang puso. Ano ba kasi ang pakialam niya kung sakaling hindi magtiwala si Rui sa kanya? Wala.

“I don’t trust women anymore,” mariin nitong deklara.

Pakiramdam niya ay umakyat ang kanyang dugo sa ulo dahil sa narinig. Magkasalubong ang mga kilay na lumapit siya sa kausap.

“Don’t you think it’s unfair for me? O sa lahat ng mga babae? Hindi naman namin kasalanan ang ginawa sa ’yo ni Giselle, pero bakit pati kami nadamay?”

Naggalawan ang mga muscles ni Rui sa panga. Patunay na hindi nito nagustuhan ang sinabi niya. Napalunok naman si Cassy. Alam niyang foul ang sinabi niya dahil binanggit niya ang pangalan ni Giselle.

Napatiim-bagang ito. “You are not here to argue with me, Cassandra.” Bagaman wala siyang makitang galit sa reaksiyon nito, halata sa tinig nito na hindi nito nagustuhan ang tinuran niya. “You are here to compromise. Ayoko nang inuungkat pa ang mga nangyari sa personal kong buhay.”

Hindi siya nakasagot. Para siyang isang asong nabahag ang buntot nang makitang malaki pala ang kalaban.

“Here is the contract.” Inilapag nito ang isang folder sa center table nang hindi siya kumibo. “Nakasaad d’yan ang mga napag-usapan at napagkasunduan natin. Kung mayroon ka mang hindi tuparin sa napagkasunduan natin,” anito na pinakadiin-diin ang mga huling sinabi, “you’re going to be my maid for two months. At kung ayaw mo ng naunang kondisyon, ibibigay mo na lang sa ’kin ang flower shop mo.”

Napailing siya. Wala siyang gaanong naintindihan sa mga sinabi nito. Parang pumapasok lang sa isang tainga at lumalabas sa kabila. Umupo siya at napatingin sa kontrata. Nakita niya ang salitang ‘flower shop’ at ‘maid’ pero sarado ang kanyang utak sa pagtanggap ng impormasyon tungkol doon.

“You know, this is not necessary, really.” Sa wakas ay nagawa niyang makapagsalita. Ang buong akala niya ay napipi na siya.

“Hindi naman mangyayari ang mga kondisyon kung wala talagang lalabas na litrato o video ko, di ba? Maliban na lang na ikaw mismo ay walang tiwala sa sarili na magagawa mo ang gusto kong mangyari.”

Muli ay hindi siya nakasagot. Paano niya masisigurong wala ngang lalabas na video o litrato nito? May posibilidad na maiisahan siya nang hindi niya nalalaman.

“Gusto ko lang makasigurado na gagawin mo ang nais kong mangyari kaya may kontrata. Just for my peace of mind. I’m sure gagawin mo ang lahat ng kaukulang pag-iingat kapag alam mong ang pinakamamahal mong flower shop ang nakataya rito.”

Lumabi siya at sinimangutan ito.

Hindi nito pinansin ang paghihimutok niya. “Please sign the contract if you agree with my terms and conditions.”

“P-p’wede bang pag-isipan ko munang mabuti ’to?” tanong niya na hindi inihihawalay ang tingin sa kontrata na para bang kapag tinitigan niya iyon ay bigla na lamang iyong maglalaho.

Tama si Rui na hindi na niya hahayaang mawala pati ang flower shop niya. No way! Pinalago niya iyon sa sariling pagsisikap at dedikasyon. Hindi niya puwedeng i-give up ang kanyang negosyo. Pero hindi rin siya papayag na maging maid nito sa loob ng dalawang buwan. Kahit gaano pa kaguwapo ang

kanyang magiging amo!

“Okay, I’ll give you ten minutes to decide.”

“Ten minutes?” nandidilat na ulit niya. “You’re just giving me ten minutes to decide when this may cost me my flower shop?” Hindi niya uli napigilan ang pag-alsa ng boses. “Okay ka lang? Flower shop ko ang nakataya rito, kaya hindi lang sampung minuto kong pag-iisipan ’to na para bang ang gusto ko lang kainin ngayon ang pinag-iisipan ko.”

“Hindi naman kasi kailangang flower shop mo ang kaagad itaya mo. You have two options there. You can choose the other one,” sabi nito at ngumiti. The smile that made girls and women’s heart flutter. Just like what it was doing to her right now. Parang tumalon ang puso niya nang makita ang magandang ngiti sa mga labi nito pati na rin ang panunukso sa mga mata nito.

Lumapit siya rito. Ngunit nang makalapit ay kaagad na nagsisi dahil pakiramdam niya ay nasu-suffocate siya sa malapad nitong dibdib. Pero pinanindigan na lamang niya iyon dahil gusto niyang ipakita sa binata na walang epekto sa kanya ang bahaging iyon ng katawan nito, maging ang maninipis at mamula-mula nitong labi at ang maganda nitong mga mata na mayroong mahahabang pilik-mata.

“Sorry to disappoint you, Mr. Montelibano. No way to both,” mataray niyang sabi at saka ito inismiran.

Tumaas ang isang kilay ni Rui bagaman nangingiti ito.

“Dahil sinisigurado ko sa 'yo na hindi mangyayari ang kinatatakutan mong paglabas ng picture o video mo mula sa party ng mommy ko. Kaya hindi mangyayaring mamimili ako between my flower shop at sa pagiging maid mo.”

“Just make sure or you may have to eat your words,” babala nito, nakangiti na parang nang-aasar pa. “I just want everything to be in black and white.

Inirapan niya ang binata, sabay talikod rito. Hindi tuloy niya nakita ang malawak na ngiting namutawi sa mga labi nito. Waring aliw na aliw ito sa pagtataray at reaksiyon niya.

Kinuha niya ang ballpen na nakaipit sa folder na kinalalagyan ng kontrata. Gusto niyang ipakita sa kausap na hindi siya natatakot na pirmahan ang dokumento dahil sigurado siyang hindi mangyayari ang kinatatakutan nito. Pumikit siya at huminga nang malalim. Pilit niyang inaalis ang labis na kaba sa dibdib. Nang dumilat siya ay mga salitang ‘maid’

ang kaagad niyang nakita.

Strange, pero kasabay ng pagpirma niya sa kontrata ay ang sobrang lakas ng kabog ng kanyang dibdib na parang nagpapahiwatig na isang malaking pagkakamali ang ginawa niya.

“Magbihis ka na,” utos ni Cassy kay Rui. “The party will start in thirty minutes. Nariyan na lahat ang mga invited guests at parating na raw sina Mommy.”

Itinago niya muna ang binata sa kuwarto niya upang hindi ito makita ng mga tao sa kanilang bahay. Idinaan niya ito sa garahe dahil may daan mula roon derecho sa kanyang silid. Ayaw niyang makita ng ibang taong naroroon ang pagdating ng mang-aawit. Baka ma-spoil pa ang sorpresa niya sa ina.

Nagmamadali niyang kinuha ang naka-hanger na red dress na isusuot niya. “Sa banyo na lang ako magbibihis at mag-aayos.”

Ngunit nang mailapag ang gamit at maisampay ang damit niya sa hook sa loob ng banyo ay ipinasya niyang lumabas muli upang kunin ang kanyang makeup kit na nakalimutan niyang dalhin sa loob.

“Oh, my God!” Nanlaki ang mga mata niya sa

nakita.

Pagkalabas kasi niya ay eksaktong naabutan niya si Rui na akmang itataas pa lamang ang slacks nito. Kaya naman bumungad sa kanyang harapan ang halos hubad nitong kabuuan na white underwear lamang ang suot. Hindi niya maiwasang mapadako ang tingin sa lower part ng katawan nito.

Para siyang nasemento sa kinatatayuan. Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mukha ni Rui at sa ibabang parte ng katawan nito.